

JOBERT M. PACNIS

Si **JOBERT M. PACNIS**, 43 ay kasalukuyang nakatira sa Ammubuan, Ballesteros, 3516 CAGAYAN. Kasapi ng *GUMIL Filipinas, Inc.* (GUMIL Cagayan Chapter) o Asosasyon ng mga Manunulat na Ilokano sa Filipinas at sa ibang bansa. Nagsusulat ng sarita (maikling kuwento), salaysay (sanaysay), at daniw (tula) sa *Bannawag Magasin*. Nagkamit din ng ilang mga parangal sa pagsulat ng tula, kuwento, at salaysay sa Ilokano. Nasama ang ilang mga akda sa iba't ibang antolohiya at sa sariling aklat na *Isliping Teody Ken Dadduma Pay a Sarita* (Isliping Teody at Iba Pang Kuwento). May ilang mga tulang nailathala noon sa *Home Life Magazine* at *Liwayway*. Pinalad na nasama ang ilang tula sa aklat na *In Time Passing, There Are Things* na pinamatnugutan ni Sir Leoncio P. Deriada (+), Palanca Hall of Fame awardee.

Kasalukuyan nagtuturo ng Matematika sa Aparri West National High School, Brgy. Bulala Norte, Aparri, Cagayan. Si dating Judith M. Simon ang kabiyak at nabiyayaan ng tatlong anak, sina Jethro, Jiemil Anne, at Jaybert.

PANAGKAYKAYSA

“...saanka nga agtakaw.”

—Markos 10:19

agporma a kasla V dagiti tumatayab
nga agdaliasat
iti panagbaniagada kadagiti daga

agsasaruno nga agsusuon
dagiti kuton
nga agbunag iti taraon

agpapangen dagiti ikan
nga agsapsapul iti makan
ken aglalang-ay

sangaragup dagiti tuwato
nga agbangabanga
iti naladaw a malem

di mabannog dagiti anay
nga agsangsangal
iti balay ti Reyna

kumonolkunol dagiti simutsimot
a manglawlawlaw iti silaw
agingga iti pakaitabnawan

rumanisak a kasla lames
dagiti danapeg ken dir-i
nga agsapsapul iti sungbat

bambanniitam ti pagilian
iti appan a panagkaykaysa
iti amin a parikut ken saludsod

palpalamlamam ti dilada
iti panangitag-aymo dagita gemgem
a lib-at a nangrakem iti pagbagasan.

PAGKAKAISA

“...huwag kang magnakaw.”
—Markos 10:19

pormang V ang mga ibon
sa paglalakbay
sa dadayuhing kalupaan

pila-pilang nagbubuhat
ng pagkain
ang mga langgam

kumpol-kumpol ang mga isda
na naghahanap ng makakain
at paglalaro

grupo-grupo ang mga tutubi
na nagpapaikot-ikot
sa huling bahagi ng hapon

walang kapaguran ang mga anay
sa pagpapatayo
ng bahay ng Reyna

nagsasalimbayan ang mga gamugamo
sa paghalik sa ilaw-dagitab

hanggang sila'y maabo sa alab

magulo na parang isda
ang mga padyak at hiyaw
ng mga naghahanap ng kasagutan

binibingwit mo ang bayan
sa paing pagkakaisa
sagot sa lahat ng problema't tanong

pinaglalaway mo ang kanilang dila
sa pagtaas ng mga bisig
na simpleng nagkamal sa bigasan.